

MENSAHE NG AREA PRESIDENCY



LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

# Ang Kasal ay Inorden ng Diyos



**Elder Michael John U. Teh**
Philippines Area Presidency

*Mas pagsisikapang tulungan ng mga magulang at mga lider na makamit ng mga young single adult ang kasal na pangwalang-hanggan. Mas pagtutuunan ng mga young single adult ang pag-aasawa.*

Pagkatapos ng Saturday Leadership Training, kasama kong nakaupo sa may hapag-kainan ang dalawang returned missionary at isang mission president. Tinanong ko ang isa sa dalawang binata kung ano ang mga plano niya, tulad ng dapat gawin ng isang lider. Sinabi niyang plano niyang magturo sa Missionary Training Center, magtapos ng pag-aaral, maghanap ng trabaho, at iba pang mga bagay na gusto niyang gawin. Hindi ko pa marinig ang gusto kong sagot kaya itinuloy ko pa rin ang pagtatanong ng, "Okay, at pagkatapos…ano pa?" Sa wakas nakuha niya ang gusto kong sabihin at nahihiyang ngumiti at sinabi: "At mag-asawa." Sumagot ako, "Tama 'yan! Nag-isip ako kanina ko kung kailan mo nga sasabihin iyan."

Pagkatapos ay sinabi ko sa kanya na hindi tama ang pagkakasunud-sunod ng kanyang mga priyoridad. Sa halip na unahin ang lahat ng iba pang bagay at isiping—"Okay, tingnan natin kung saan natin maipapasok rito ang pag-aasawa," ang dapat na sinabi niya ay, "Mag-aasawa ako at gagawin ang lahat ng iba pang bagay na gusto kong makamit pagkatapos nito." Tumango ang binata. Umaasa ako na pahiwatig iyon na naunawaan niya ang itinuro ko. Sa kaibuturan ng puso ko, ipinagdarasal ko na hindi lang pag-unawa ang ibig sabihin ng pagtango niyang iyon kundi pagsunod.

Bumaling naman ako sa isa pa na kauuwi lang sa misyon noong nakaraang buwan at itinanong din ang gayon. Nagulat ako na parehong-pareho ang sagot nila ng returned missionary na unang tinanong ko! Tiningnan ko siya nang diretso sa mata at sinabi, "Brother, hindi ka ba nakinig sa katuturo ko pa lang?" Parang bigla na lang may nagliwanag sa isipan niya, ngumiti siya at nagsabi: "Ay, tama—mag-asawa." Nadama ko na kailangan kong iturong muli ang alituntuning iyon. Sa huli, bumaling ako sa mission president at sinabi, "President, maaari bang patuloy mong ituro sa mga papauwing missionary na ang susunod at pinakamahalagang responsibilidad nila ay ang mag-asawa."

Pinag-isipan kong mabuti ang pag-uusap na iyon. Natanto ko na bilang mga magulang at lider, marami tayong dapat ituro tungkol sa walang hanggang kahalagahan ng kasal. Naipaunawa din


LITARATO KUHA EDWIN REDRINO


LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

*Napansin ko rin mula sa aking karanasan na hindi ako biniyayaan ng Panginoon ng maraming pera noong binata ako dahil hindi ko ito kailangan at dahil baka hindi ko ito magamit nang tama.*

nito sa akin na dumarami ang pinipiling ipagpaliban ang pag-aasawa hangga't hindi nakakamit ang nais na propesyon at mga materyal na bagay. Nalaman ko rin sa paglilibot ko sa buong bansa na dahil sa maling mga kaugalian, ang mga magulang kung minsan ang pumipigil sa mga anak na mag-asawa. May iba pa na masyadong inaasahan ang mga anak sa pagtataguyod sa pamilya, kaya tuloy ipinagpapaliban ng mga ito ang pag-aasawa.

Ipinahayag ng Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol: "Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak."[1] Kung naunawaan nang tama ang pahayag na ito, mas pagsisikapang tulungan ng mga magulang at mga lider na makamit ng mga young single adult ang kasal na pangwalang-hanggan. Mas pagtutuunan ng mga young single adult ang pag-aasawa.

Gusto kong ibahagi ang sa palagay ko ay talagang karaniwang dahilan kung bakit ipinagpapaliban ng mga young single adult ang pag-aasawa at umaasa ako na makatutulong ito para makasulong sila nang may pananampalataya at higit na pagtitiwala sa Panginoon.

**KAKULANGAN SA PERA**

Sinasabi ko sa mga magulang at young single adult—manampalataya. Tutulungan kayo ng Diyos na matustusan ang inyong pamilya kung kayo ay matapat at masipag. Dapat nating tandaan ang sinabi ni Nephi na humayo at gawin ang iniuutos dahil maghahanda ang Panginoon ng paraan para sa atin upang maisagawa natin ang iniuutos niya.[2] Napansin ko rin mula sa aking karanasan na hindi ako biniyayaan ng Panginoon ng maraming pera noong binata ako dahil hindi ko ito kailangan at dahil baka hindi ko ito magamit nang tama.

**EDUKASYON**

Kapag kausap ko ang mga returned missionary, ito ang madalas itanong sa akin: "Ano ang dapat kong gawin, magtapos muna ng pag-aaral o mag-asawa?" Sa halip na ibigay ang inaasahang sagot (na pag-aasawa), isang tanong ang ibinabalik ko sa kanila. "Alam mo ba na puwede mong pagsabayin ang pag-aasawa at pag-aaral?" Ang kadalasang sagot, sinasabi man o hindi, ay "Ibig ninyong sabihin kaya kong gawin iyan?"

Noong maliliit pa ang mga anak namin ni Sister Teh, nagtatrabaho ako nang full


LITRATO KUHA NI EDWIN REDRINO

time at madalas na nasa biyahe, nag-aaral sa gabi, at naglilingkod bilang bishop sa aming ward. Nang makatapos ako ng kolehiyo dalawa ang anak namin at limang buwang buntis si Sister Teh sa pangatlo naming anak. Marahil itatanong ninyo, Kung kakailanganing gawin ko itong lahat muli ano ang babaguhin ko? Ang kaagad na isasagot ko ay—wala. Wala akong babaguhin ni isa. Iyon ang eksaktong gagawin ko dahil sa natutuhan ko, dahil lalo akong nagtiwala sa mga pangako ng Diyos, at dahil mas pinaglapit kami nito ng aking asawa.

**TRABAHO**

Huwag kayong mapili sa paghahanap ng trabaho. Dahil nagsisimula pa lang kayo, huwag ninyong asahan kaagad na magkatrabaho nang may malaking sweldo. Ang mahalaga tuluy-tuloy ang kita ninyo habang pinagaganda ninyo ang laman ng inyong resume o nagdaragdag kayo ng mga kasanayan. Noong magpakasal kami (ni Sister Teh at ako), nagtatrabaho ako bilang messenger at nag-aaral sa kolehiyo.

Mamuhay ayon sa inyong kinikita. Narinig ko ang isang matalinong balong babae, na solong nagpalaki sa kanyang walong anak, na nagpayo nang ganito: "Huwag mong bilhin ang hindi mo kailangan at huwag mong kakailanganin

ang hindi mo kayang bilhin."Sinabi rin ni Pangulong Thomas S. Monson: "Tinitiyak ko sa inyo na walang dapat ikahaiya isang mag-asawa kung dapat silang magtipid at mag-ipon."[3] Maitataguyod ninyo ang inyong pamilya kapag nagbayad kayo ng buong ikapu at nagtutulungan bilang mag-asawa.

## MGA MALING KAUGALIAN

Hindi ninyo kailangang gumastos para sa reception. Kung kailangan mang may kainan, hindi kailangang magarbo ito. Pagtuunan ang ordenansa at hindi ang pansariling kasiyahan o pagtugon sa inaasahan ng iba. Isa sa mga pinakamaling paraan ng pagsisimula ng buhay may-asawa ay ang simulan ito sa utang. Noong ikasal kami ni Sister Teh, sa cultural hall ng chapel ang reception at juice, cookies, at salad lang ang inihanda namin.

Mga magulang, hindi natin dapat ipasa sa panganay nating mga anak ang responsibilidad na alagaan at tustusan ang mga pangangailangan ng kanilang mga kapatid. Ni hindi ninyo sila dapat masyadong obligahin sa pera na magiging dahilan para hindi muna sila mag-asawa. Gayunpaman, maaaring kailanganing iakma ang sitwasyon sakali mang may magkaroon ng kapansanan o may mamatay sa pamilya.



LITRATO KUHA NI EDWIN REDRINO

## SIYA BA ANG TAMANG LALAKI/BABAE PARA SA AKIN?


Sinabi ni Pangulong Monson: "Marahil ay natatakot kayong magkamali sa pagpili. Ang masasabi ko rito ay kailangan ninyong sumampalataya. Humanap ng isang taong makakasundo ninyo. Dapat ninyong malaman na hindi ninyo malalaman ang bawat hamon na darating, ngunit tinitiyak ko na halos lahat ay malulutas kung masigasig kayong humahanap ng kalutasan at nais ninyong magtagumpay ang inyong pagsasama bilang mag-asawa."[4] Ilang buwan mula nang ikasal kami, nalaman ko ang sikreto ng napakaganda naming pagsasama. Mas mahal namin ni Sister Teh ang Panginoon kaysa sa isa't isa. Dahil una naming minamahal ang Panginoon, nagagawa naming magmahalan nang higit pa sa kakayahan naming magmahal bilang tao. "Kaya nga, iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ang kanyang ina, at makikipisan sa kanyang asawa; at sila ay magiging isang laman."[5]

Itinuro ni Elder David A. Bednar: "Dahil sa mga banal na layunin, ang espiritu ng lalaki't babae ay magkaiba, natatangi, at magkabaga. . . .Kung nag-iisa, hindi magagampanan ng lalaki ni ng babae ang mga layunin ng pagkalikha sa kanya. . . .Magkaiba ngunit magkapantay ang ambag ng lalaki at babae tungo sa pagkakaisa na hindi makakamit sa ibang paraan. Ginagawang lubos at ganap ng lalaki ang babae at ginagawang lubos at ganap ng babae ang lalaki, habang natututo at lumalakas at pinagpapala nila ang isa't isa."[6] "Gayon man, ang babae ay di maaaring walang lalake at ang lalake ay di maaaring walang babae sa Panginoon."[7]

Inaanyayahan ko ang mga lider, magulang, at young single adult na pag-aralan at unawain ang batayang doktrina at ang mahalagang papel ng pag-aasawa sa plano ng Diyos para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak. Sa paggawa nito mababago ang ating mga pananaw, maiwawaksi natin ang mga maling kaugalian, at magkakaroon tayo ng pananampalataya na huwag ipagpaliban ang pag-aasawa. ■


Mga Tala:

1. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona*, Nob. 2010, 129.
2. 1 (nb) Nephi 3:7.
3. Thomas S. Monson, "Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona*, Mayo 2011, 67.
4. Thomas S. Monson, "Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona*, 67.
5. Moises 3:24
6. David A. Bednar, "Mahalaga ang Kasal sa Kanyang Walang Hanggang Plano," Pandaigdigang Pulong sa Pamumuno, Peb. 2006; sa *Liahona*, Hunyo 2006, 50.
7. 1 (nb) Mga Taga Corinto 11:11







MGA LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

*Magkaiba ngunit magkapantay ang ambag ng lalaki at babae tungo sa pagkakaisa na hindi makakamit sa ibang paraan.*

LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE



*Anuman ang paksa o gaano man ang pagkakaiba ng mga pananaw namin, napapanatag ang lahat matapos kaming manalangin.*

**PANALANGIN NG ISANG INA**

May tatlo akong mababait na anak pero hindi ibig sabihin ay perpekto na sila at hindi rin ibig sabihin na hindi ako nahirapan sa pagpapalaki sa kanila.

Mas lalong mahirap noong mga tinedyer na sila. Iisa lang ang kanilang ina (ako iyon), pero magkakaiba sila at may iba't ibang personalidad.

Kapag naiiwan akong mag-isa sa bahay, ibinubuhos ko ang nadarama ko sa panalangin sa Ama sa Langit. Sinasabi ko sa Kanya kung gaano ko kamahal ang aking mga anak at kung gaano ko pinasasalamatan na ako ang kanilang ina. Masasabi ko na nagawa ko na ang lahat ng kaya kong gawin pero hindi ko pa rin maantig ang kanilang mga puso. Hinihiling ko sa Ama sa Langit na palambutin ang mga puso ng aking mga anak sa tuwing pinapayuhan ko sila.

Kapag sa ganitong paraan ko hinaharap ang mga hamon sa akin bilang magulang, laging sinasagot ang mga dalangin ko. Napapanatag ako at nalalaman ko ang sasabihin kapag kinakausap ko sila. Naaayos nang payapa ang mga naging problema sa maghapon.

Malalaki na ngayon ang mga anak ko. Nagmisyon ang mga anak kong lalaki at nakatapos ng kolehiyo. Ang nag-iisa kong anak na babae ay nasa misyon. Nakatapos din siya ng kolehiyo.

May mga bagay pa rin kaming pinag-uusapan—trabaho at buhay-pag-ibig. Kung minsan nagiging masinsinan ang pag-uusap namin. Anuman ang paksa o gaano man ang pagkakaiba ng mga pananaw namin, napapanatag ang lahat matapos kaming manalangin.

Hindi natatapos ang mga alalahanin ng mga magulang. Malamang na may mga pagkakamaling magawa. Napakalaking tulong ang panalangin sa pagpapalaki ng mga anak. ■

**Ann Campbell**
*Tarlac Philippines Stake*

**MAS NAGIGING MABUTING MGA MAGULANG KAPAG PAMILYA AY NAGDARASAL**

Dahil tinedyer na ang aming mga anak at abala sa pag-aaral, nahihirapan ang pamilya namin kung minsan na magdasal. Gayunpaman, nalaman namin na kung magtatakda kami ng oras para makapagdasal ang pamilya at sisiguruhing iiwan namin ang lahat ng ginagawa namin kapag oras nang magdasal, magagawa ito. Ang palaging pagpapaalala at paghihikayat ay nakatutulong din. Para sa amin na mga magulang, ang palagiang pagdarasal ng pamilya ay isang paraan na matuturuan namin ang aming mga anak na unahin ang Diyos kahit abala kami, gawing priyoridad na makipag-usap sa Kanya at alalahanin Siya sa aming buhay. Mas madali ring makakamit ang mga mithiin ng pamilya kapag nagdarasal kami bilang pamilya. Bilang mga magulang sa mundong ito, alam namin na matutulungan kami ng pagdarasal, hindi man kami perpektong mga magulang, nabibigyan kami ng lubos na patnubay dahil ang Panginoon na gumagabay sa amin, ay perpekto. Mas nagiging mabuti kaming mga magulang sa mga anak na Kanyang ipinagkatiwala sa amin. ■

LITRATO IPINAGKALOOB NG PAMILYA FRANCISCO



**Rodel at Herculine Francisco,**
*mga magulang nina Brent(16), Kerin(15) at Dallin(12)*
*Legazpi Philippines Stake*

**ANG SIKRETO NG MASAYANG PAMILYA**

Naging miyembro ng Simbahan ang aming mga magulang noong maliliit pa kami. Nakatira kami dati sa maliit na kubo sa lugar na tinatawag na Pinagdamayan, sa liblib na barangay sa aming munisipalidad. Ngayon ay nakatira kami sa mas malapit sa bayan at malalaki na kaming magkakapatid maliban sa isa - apat na young single adult, isang binatilyo, at isang batang Primary. Wala kaming gaanong materyal na ari-arian noon—hanggang ngayon—pero masaya ang pamilya namin dahil sa ebanghelyo. Isa sa mga bagay na nagpapasaya sa aming pamilya, ayon sa tatay ko, ay ang pagdarasal ng pamilya. Sabi niya nakatutulong ang pagdarasal ng pamilya na lagi naming maalala ang Panginoon at ang pangangailangang makipag-usap sa Kanya.

Sabi ni Inay ang pagdarasal ng pamilya ang isang paraan para kaming mga anak ay palaging matipon, kahit malalaki na kami. Sabi niya napakasaya niya kapag nagtitipon kami para magdasal at pinapanatag nito ang kanyang puso. Parang mas payapa kaming nakakatulog at masayang nagigising kapag nagdasal kaming pamilya. Dahil malalaki na ang tatlong babae, hindi kami nagkakasundo kung minsan, pero kapag nagdarasal kami, mas madali sa aming magpatawad at magkasundong muli, lalo na kapag naririnig

namin na ipinagdarasal ang isa't isa. Ang pagdarasal ng pamilya ay nagbubuklod at nagpapadama sa amin ng presensya ng Espiritu sa aming tahanan. Ito ang talagang sikreto kung bakit masaya ang pamilya. ■

**Paterno at Francia Palma,**
*Analyn (20) at Analiza (18) Palma, Patricia (24), Gilbert (21), John Mark (12) at Bert Dave (9)*

**MGA NAITUTULONG NG PAGDARASAL NG PAMILYA**
Kapag nagdarasal ang pamilya mas espirituwal na lumalakas ang mga tao. Ang pagdarasal ng pamilya araw at gabi ay nakapagpapanatag sa bawat miyembro ng pamilya at mas naglalapit sa kanila sa kaharian ng Diyos. Naipadarama nito sa pamilya ang langit habang nasa lupa kapag sama-sama nilang pinagsisikapang maging walang hanggang pamilya. Maaari nitong iligtas ang buhay ng isang tao, ang relasyon ng mga magulang, lutasin ang mga problema ng pamilya at palakasin ang pananampalataya sa Diyos ng isang tao. Nakatutulong din ito para maunawaan ng ibang kapamilya ang naisin at problema ng isa'isa. ■

**Chris T. M., 14 na taong gulang**
*Davao Philippines Stake*

**MGA PAMILYA: NAISIP BA NINYO NA MAGDASAL?**
Ni Ma. Teresa C. Pangilinan

"Siguro sa panahong ito natin talagang kailangang manalangin at turuan ang mga miyembro ng ating pamilya na manalangin. Ang panalangin ay pananggalang sa tukso. Sa pamamagitan ng taimtim at taos pusong panalangin natin matatanggap ang mga kailangang pagpapala at suportang hinihingi upang makapamuhay tayo nang matwid sa kung minsan ay mahirap at puno ng hamon na paglalakbay na ito na tinatawag nating mortalidad." (Thomas S. Monson, "Tatlong Mithiing Gagabay sa Inyo," *Liahona*, Nobyembre 2007, 119.)

Ang magdasal bilang pamilya ang ipinayo ng ating mga propeta na gawin natin para mapalakas ang ating pamilya. Maliban sa dahil gusto nating sundin ang payong ito, nagdarasal tayo bilang pamilya para ituro sa ating mga anak kung paano magdasal sa Ama sa Langit at para magkaisa at magkasundo ang pamilya.

Nagsimula kaming magdasal bilang pamilya bago pa man kami magkaanak. Alam namin ang kahalagahan nito at gusto naming magkaroon ng sariling patotoo ang aming mga anak tungkol dito. Nagdarasal kaming pamilya bago mag-almusal. Ginawa namin ang lahat para magawa ito araw-araw hanggang sa naging bahagi na ito ng buhay namin sa maghapon.

Alam naming mahal na mahal tayo ng Ama sa Langit at patuloy Niya tayong ginagabayan sa pamamagitan ng mga lider ng Simbahan. Alam namin na ang pagdarasal ng pamilya ay utos ng ating Ama sa Langit. Ang pagagawa nito ay makaaapekto sa buhay ng ating mga anak nang higit pa sa maiisip natin. Alam namin na kapag sumunod tayo sa mga payo ng ating mga lider, mas liligaya ang ating pamilya at mas magiging handa sa pagharap sa mga hamon ng buhay. ■


LITRATO IPINAGKALOOB NG PAMILYA VILLANUEVA

**David at May Villanueva**
*Angeles Philippines Stake*
*Mga anak: Jesse Ray, 8 ; Jared Raynard , 5; John Raphael, 3; Josiah Reuben, 5 buwang gulang*

Ito ang oras na payapa kaming nakikipag-ugnayan sa Panginoon. Alam na namin ang mga sandaling dapat kaming magpasalamat sa lahat ng pagpapalang natatanggap ng aming pamilya. Ito ang pinagmumulan ng aming lakas at kalusugan, at pag-asa para sa payapang pamumuhay sa kabila ng kaguluhan sa aming paligid.

Laging sinasagot ang aming mga panalangin. Araw-araw, alam namin na laging malapit sa amin ang Panginoon. Ibinibigay Niya ang kailangan namin, maging ang mga bagay na hindi namin hiniling! Ganyan Siya kabuti at kadakila! ■

**Dixie L. Colibao**
*Pasig 2nd, Pasig Philippines Stake*
*Mga anak: Riley Penn,10; Datherine Li, 9*


LITRATO IPINAGKALOOB NI DIXIE COLIBAO


LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

*Ang pagdarasal ng pamilya araw at gabi ay nakapagpapanatag sa bawat miyembro ng pamilya at mas naglalapit sa kanila sa kaharian ng Diyos.*

LITRATO IPINAGKALOOB NG PAMILYA REYES



*Magandang bagay na nagdarasal ang pamilya. Napipigilan nito ang pagtatalo sa pamilya. Nagbibigay ito sa akin ng katiyakan na binabantayan ng Ama sa Langit ang aking mga mahal sa buhay nasaan man sila.*

Ang pagdarasal ng pamilya ay simpleng pagluhod para magdasal kasama ang iyong pamilya, at ang taimtim na panalangin ay nagdaragdag ng kahulugan sa panalangin ng pamilya. Ito ang sandali na pinasasalamatan ninyo ang Diyos sa lahat ng ibinigay Niyang biyaya sa inyo at sa mga nakamit ninyo at paghiling sa Ama sa Langit ng mabubuting bagay, gabay at proteksyon para sa bawat miyembro ng inyong pamilya.

Sinisikap naming palaging gawin ito lalo na bago matulog, at bago umalis ng bahay, tulad ng bago pumasok sa trabaho ang aking asawa. Kung minsan ipinaaalala ito sa akin ng aking asawa, kung minsan naman ay ako ang nagpapaalala sa kanya, pero kung oras na ng pasok niya sa trabaho, kusa na namin itong naiisip, titingnan namin ang isa't isa at pareho naming naiintindihan na oras na para magdasal. Siyam na buwang gulang pa lang ang aming anak pero lagi namin siyang kasama sa pagdarasal.

Magandang bagay na nagdarasal ang pamilya. Napipigilan nito ang pagtatalo sa pamilya. Nagbibigay ito sa akin ng katiyakan na binabantayan ng Ama sa Langit ang aking mga mahal sa buhay nasaan man sila. Ipinadarama nito sa akin na mahal ako ng aking pamilya sa lupa, gayundin ng aking Ama sa Langit kapag kasama kong nagdarasal ang aking pamilya. ■

**Edellen at Jacob Paul R. Reyes**
*Angeles Philippines Stake*
*Anak: Isaac Eliezer N. Reyes - 9 na buwang gulang*

Ang pagdarasal ng pamilya ang isa sa mga pinakahihintay ng aming mga anak na pagtitipun-tipon gabi-gabi. Ito ang oras na naipahahayag namin sa Ama sa Langit ang nadarama namin bilang pamilya.

Sinisikap naming magdasal bago pa man antukin ang sinuman sa amin. Bilang mga magulang gusto naming ipaalam sa aming mga anak habang bata pa sila na ang pakikipag-usap sa Ama sa Langit ay maglalayo sa kanila sa mga panganib sa mundo.

Lubos naming ipinagpapasalamat sa Pinakamakapangyarihang Diyos na ipinagkatiwala Niya sa amin ang apat sa Kanyang mga anak. Ang pagdarasal ng pamilya ay kasinghalagaa ng iba pang mga kautusan. Alam ko na ang paggawa nito araw-araw ay magbubuklod sa aming pamilya at magpapanatili sa aming mga anak sa Simbahan at laging magpapaging karapat-dapat sa kanila na magabayan ng Espiritu Santo. Alam ko na ang mga bagay na ito ay totoo, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

LITRATO IPINAGKALOOB NG PAMILYA ONG



**Arlan at Marilyn Ong**
*Angeles Philippines Stake*
*Mga anak: Angel Heart, 7; Amber Pyss, 4; Arvex Donry, 3*

Ang panalangin para sa akin ay napakahalaga dahil ito ang paraan para makausap natin ang ating Ama sa Langit. Sa pamamagitan nito, naipahahayag natin ang ating pasasalamat at kailangang tulong.

Ang makapagdasal nang regular bilang pamilya ay maaaring maging mahirap lalo na sa pamilyang may maliliit pang anak. Maliban sa pagdarasal tuwing oras ng pagkain, nalaman namin na ang pinakamagandang oras ng pagdarasal na makakasama ang lahat ay tuwing gabi bago matulog. Naghahalinhinan kami sa pagdarasal para mabigyan ng pagkakataong magdasal ang lahat maging ang maliliit na bata. Itinuturing naming mag-asawa na magandang pagkakataon ito na maituro sa aming mga anak kung paano magdasal at kung ano ang ipagdarasal. Sa pamamagitan nito, nagagawa naming mapalakas ang kanilang pananampalataya sa Diyos na buhay na nakikinig at sumasagot sa mga panalangin.

Dahil dito, natutuhan ng aming mga anak na magdasal sa napakabatang edad. Bago pa man sila matutong magsalita, humahalukipkip sila, yumuyuko at pumipikit kapag sinabi naming oras na para magdasal ang pamilya. At nang matuto silang magsalita, lagi silang nagboboluntaryong magdasal. Ang makita at marinig na nagdarasal ang aking mga anak ay nagbibigay sa akin ng galak at malaking pag-asa para sa kanilang kinabukasan. Ang pagdarasal ng pamilya ay nagpapalakas sa aming pamilya at mas nagpapalapit sa amin sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. ■

**Ruth Del Mundo**
*Makati Philippines Stake*
*Mga anak: Harold, 12; Gwyneth, 11; Howard, 5; Charlize, 4; Rachel, 1*

Ang pagdarasal ng pamilya ay sama-samang pagsusumamo sa Pinakamakapangyarihang Diyos para magpasalamat at humiling ng pagpapala.

Sinisiguro namin na ginagawa namin ito araw-araw. Halos tuwing umaga ginagawa namin ito bago pumasok sa eskwela ang

aming mga anak nang alas-7:00 n.u. Sa gabi, hinahayaan ng aking asawa na magdasal nang mag-isa ang aming mga anak bago matulog. Tuwing umaga, nagsisimula kami sa pagkanta ng himno na susundan ng panalangin at spiritual thought pagkatapos. Nag-aasayn kami ng magko-conduct araw-araw.

Ang binhi ng pananampalataya ay naipunla sa mga puso ng aming mga anak. Isang gabing malakas ang ulan at napakalakas ng hangin, isa sa aming mga anak ang nagsabi, "Mama ipagdasal natin sa Ama sa Langit na pahintuin ang ulan." Alam ko na kapag nagdarasal ang ating pamilya tuwing umaga, mararamdaman natin na kumpleto ang araw natin at nakakakuha tayo ng kapayapaan at lakas mula rito.



LITRATO IPINAGKALOOB NG PAMILYA MARBELLA

**Pablo at Karolyne Marbella-III**
*Angeles Philippines Stake*
*Mga anak: Juan Karlo, 9; Lorenzo, 8; Sophia, 5*

Lagi ba ninyong binabantayan ang inyong mga anak? Lagi ba kayong kasama kapag nagdarasal ang pamilya? Nakatitiyak ba kayo na nagdarasal sila tulad ng nakikita nilang ginagawa ninyo?

Ang pagdarasal ay matibay na pananggalang sa anumang panganib at tukso na maaaring makaharap ng inyong mga anak. Sinabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Dapat turuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na manalangin. Natututo ang bata kapwa sa ginagawa at sa sinasabi ng mga magulang. Ang anak na nakakakita sa kanyang ina o ama na dumaranas ng pagsubok sa buhay nang may taimtim na panalangin sa Diyos at pagkatapos ay nakarinig ng taos-pusong patotoo na sumagot ang Diyos nang buong kabaitan ay maaalala ang kanyang nakita at narinig. Kapag dumating ang mga pagsubok, magiging handa ang batang iyon."(Henry B. Eyring, "Nang Maisulat Niya sa Ating mga Puso," *Ensign*, Agosto 2009)

Walang masama kung sisimulan ninyong magdasal muli bilang pamilya---ngayong gabi. ■



LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

*Ang pagdarasal ay matibay na pananggalang sa anumang panganib at tukso na maaaring makaharap ng inyong mga anak.*

## SINISIKAP NA TULARAN SI JESUS

### ANO ANG IPINAGDARASAL MO?



"Lagi kong ipinagdarasal sa Ama sa Langit na protektahan ang ating bansa sa mga kalamidad. Hinihiling ko rin sa Ama na ilayo ang aking pamilya at mga kaibigan sa mga aksidente at masasamang impluwensya. Mahal ko sila at gusto ko na lagi silang makasama." ■

**Kyla Eryn D., 8 taong gulang**
*Davao Philippines Stake*




"Nagtatrabaho sa ibang bansa ang nanay ko para makatulong sa pagtustos sa mga pangangailangan sa bahay. Hinahanap-hanap ko siya kaya ipinagdarasal ko sa Ama sa Langit na umuwi na siya para magkasama kaming muli." ■

**David Shaun D., 10 taong gulang**
*Ozamiz Philippines District*



"Lagi kong hinihiling sa Panginoon na bigyan ako at ang aking pamilya ng magandang kalusugan para maalagaan namin ang isa't isa." ■

**Milan Kaye L., 8 taong gulang**
*Ozamiz Philippines District*



"Lagi kong ipinagdarasal na maging malusog ako para matulungan ko ang mga magulang ko sa mga gawaing-bahay."

**Mhia D., 10 taong gulang**
*Ozamiz Philippines District*



MGA MITHIIN NG PHILIPPINES AREA

**Palakasin ang mga Pamilya**

# **Pagsasama-sama ng mga** Pamilya

Ni Minnie Advincula

Nang lisanin ni Sister Leilani Macaranas ang kanyang sinilangang bayan sa Malasiqui, Pangasinan, noong Mayo 7, 2011, kinailangan niyang mag-ipon ng lakas ng loob para huwag maiyak. Bilang panganay sa walong magkakapatid, inasahan ng pamilya na magtatrabaho siya pagkatapos ng kolehiyo. Sa halip, sabi niya, ay pinili niyang gumawa ng isang bagay na magdudulot ng mas malalaking pagpapala sa kanyang pamilya—magmisyon nang full-time.

Bumiyahe siya patunggong Manila para pumasok sa Missionary Training Center kasama ang mga miyembro ng kanyang ward. Hindi siya sinamahan ng kahit isa man sa kanyang pamilya dahil naghihinanakit pa rin ang kanyang mga magulang sa desisyon niyang umalis. "Niyakap ko ang aking ama pero parang bale-wala iyon sa kanya. Pinilit kong huwag maiyak at sinabi sa sarili ko na balang araw, mababago ang lahat," sabi niya.

Siya, ang kanyang ina at isang nakababatang kapatid lang ang aktibong miyembro sa kanyang pamilya. Siya rin ang unang sumapi sa Simbahan. Sa misyon, madalas niyang sinulatan ang kanyang pamilya, ikinukuwento ang marami niyang espirituwal na karanasan.

"Hindi ko sila pinangaralan sa mga liham ko. Lagi kong sinasabi sa liham ko na mahal ko sila at gusto ko silang makasama nang walang hanggan. Ikinuwento ko rin ang mga himalang nangyayari sa mga pamilyang tinuturuan namin dito sa misyon," sabi niya sa liham na ipinadala niya sa kanyang Philippines Quezon City Mission President na si David Wills DeLa Mare. Patuloy rin siyang nag-ayuno at nanalangin para sa kanyang pamilya.

"Sa pagkukuwento ko sa kanila ng mga karanasan ko sa misyon, nahikayat ang aking pamilya na bumalik sa Simbahan," dagdag pa niya.

Nang tumawag siya sa pamilya nitong nakaraang Mother's Day, natuwa siya nang sabihin sa kanya na nagsimula nang magsimbang muli ang kanyang ama at sa sa katunayan ay tinawag na unang tagapayo sa elders' quorum.

"Tama ka. Ipinagmamalaki kita dahil nagmisyon ka," sabi ng ama ni Sister Macaranas sa kanya habang nag-uusap sila sa telepono. "Nangyari ang mga himala sa aking pamilya. Hindi ko mabilang ang maraming pagpapalang mayroon ngayon ang aking pamilya," sabi ni Sister Macaranas.

Noong nakaraang Hunyo 9, ibinuklod sa templo ang kanyang ina at ama. "Napakasaya ko, napakabilis ng pagdating ng mga pagpapala," sabi niya. Malaki na ang ipinagbago ng kanyang pamilya mula noong halos hindi siya pansinin ng kanyang ama nang magpaalam siya papuntang misyon.

Pinagpala rin ang kanyang mga kamag-anak nang mabinyagan ang kanyang lola at ilang pinsan. Naging aktibo ring muli sa Simbahan ang kanyang tiyo at mga anak nito. "Nagpapasalamat ako sa misyong ito dahil pinagpala ang aking pamilya," sabi niya. ■

"Sa pagkukuwento ko sa kanila ng mga karanasan ko sa misyon, nahikayat ang aking pamilya na bumalik sa Simbahan," dagdag pa niya.